

LUNGSOD NG ARROYO GRANDE
PATAKARAN SA PAGTIGIL NG NG SERBISYONG TUBIG SA TIRAHAN

1. Layunin

Itinaguyod ang patakarang ito para sumunod sa Senate Bill 998, na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” at inaprubahan ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (California Health and Safety Code Sections 116900, et seq.). Makikita ang Patakarang ito sa website ng Lungsod ng Arroyo Grande. Makokontak ang Departamento ng Tubig ng Lungsod sa telepono sa (805) 473-5438 para talakayin ang mga opsyon para mapigilan ang pagputol ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

2. Petsa ng Bisa

Magkakabisa ang patakarang sa Pebrero 1, 2020.

3. Mga Nalathalang Wika

Makukuha at ilalathala sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil, na kasama ang Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese at Koreyano, at anumang ibang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong nakatira sa lugar ng serbisyong tubig ng Lungsod ang patakarang ito at ang mga nakasulat na abiso na kailangan sa patakarang ito.

4. Mga Pangangailangang Nauuna sa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyong Tubig

- A. Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyong tubig para sa hindi pagbabayad hanggang ang kostumer ay naging delinkuwente ng hindi bababa sa 60 araw. Hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad, kokontakin ng Lungsod ang kostumer na pinangalanan sa account gamit ang telepono o nakasulat na abiso.
- B. Kapag kinontak ng Lungsod ang kostumer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono alinsunod sa subparagraph (A), aalukin ng kawani ng ibigay ang patakarang ito nang nakasulat sa kostumer. Aalukin ng kawani ng Lungsod na talakayin ang mga opsyon para mapigilan ang pagputol ng mga serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad, mga naantalang pagbabayad, mga pinakamababang bayad, mga pamamaraan sa paghiling ng amortization ng hindi bayad na balanse, at petisyon para sa pagrepaso ng singil at apela.
- C. Kapag kinontak ng Lungsod ang kostumer na pinangalanan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso alinsunod sa subparagraph (A), ang nakasulat na abiso ng pagiging delinkuwente ng bayad at napipintong pagputol ay ipadadala sa kostumer sa address nilang nasa talaan. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng pag-aari kung saan nilalaan ang serbisyong residensiyal, ang abiso ay ipadadala din sa address ng pag-aari kung saan nilalaan ang residensiyal na serbisyong tubig, naka-address sa “Kasalukuyang Nakatira.” Kasama sa abiso ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod na impormasyon sa malinaw at nababasang anyo:
 - (i) Ang pangalan at address ng kostumer.
 - (ii) Ang halaga ng pagiging delinkuwente.
 - (iii) Ang petsa kung saan ang bayad o pag-aayos para sa pagbabayad ay kailangan upang maiwasan ang pagputol ng serbisyong tubig, na 60 araw mula sa petsa na ang singil ay naging delinkuwente maliban kung pinalawak ng diskresyon ng General Manager.
 - (iv) Paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa pagpapalawig ng oras para bayaran ang mga singil sa pagiging delinkuwente.

- (v) Paglalarawan ng pamamaraan para magpetisyon sa pagrepaso ng singil at apela.
- (vi) Paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kostumer ng deferred, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang amortisasyon ng mga singil sa delinkuwenteng serbisyong residensiyal.
- (vii) Ang numero ng telepono ng Lungsod at web link sa nakasulat na patakaran ng Lungsod.

5. Mga Inaat sa Pag-abiso ng May Mabuting Layunin

- A. Kung hindi makontak ng Lungsod ang kostumer o isang adult na naninirahan sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihatid, ang Lungsod ay dapat gumawa ng isang may mabuting layuning pagsisikap na bisitahin ang tirahan at umalis, gagawa ng ibang kasunduan para sa paglalagay sa makikitang lugar, ang isang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad at ang patakaran ng Lungsod para sa pagputol ng serbisyong tubig ng tirahan sa hindi pagbabayad.
- B. Kung humiling ang kostumer ng pagrepaso o apela ng singil sa kanila, kokontakin ng kostumer ang Lungsod bago ang petsa kung kailan nakatakda ang pagbabayad at mag-iimbestiga ang Lungsod. Kapag ang imbestigasyon ay hindi nagresulta sa resolusyong katanggap-tanggap sa kostumer, maaaring humiling ang kostumer ng pagrepaso ng Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo at sa kalaunan ay maaaring mag-apela sa Konseho ng Lungsod. Magbibigay ang Lungsod ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng apela ng hinndi bababa sa pitong (7) araw bago ang pulong ng Konseho ng Lungsod. Ang pagpasya ng Konseho ng Lungsod ay pinal. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyong tubig ng tirahan habang nakabinbin ang pag-apela.

6. Pagbabawal Labansa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyong Tubig

- A. Hindi puputulin ng Lungsod ang residensiyal na serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad kung lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natugunan:
 - (i) Ang kostumer, o nangungupahan sa kostumer, ay magsusumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga, dahil ang terminong ito ay nangangahulugan sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) 14088 ng Seksiyon ng Welfare and Institutions Code, na ang pagputol ng residensiyal na serbisyong tubig ay banta sa buhay sa o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar kung saan ang residensiyal na serbisyong tubig ay nilalaan.
 - (ii) Ipinakita ng kostumer na pinansiyal siyang hindi makakabayad ng residensiyal na serbisyong tubig sa loob ng normal na siklo sa pagsingil ng Lungsod. Ang kostumer ay ituturing na walang pinansiyal na kakayahang bayaran ang residensiyal na serbisyong tubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Lungsod kung sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CaWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan.
 - (iii) Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa pag-aamortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o nabawasang pagbabayad alinsunod sa lahat ng delinkuwenteng singil.
- B. Kung ang mga kundisyon na nakalista sa itaas ay natugunan lahat, hahandugan ng Lungsod ang kostumer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:
 - (i) Amortisasyon ng hindi bayad na balanse.
 - (ii) Partisipasyon sa isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad.

- (iii) Bahagya o buong pagbabawas ng hindi bayad na balanse pinondohan nang walang karagdagang mga singil sa mga ibang ratepayer.
 - (iv) Pansamantalang pagpapaliban ng bayad.
- C. Awtorisado ang Direktor ng Serbisyong Administratibo na alamin kung alin sa mga opsiyon sa pagbabayad na nakasalarawan sa talata 6.B ang gagawin ng kostumer at maaaring itakda ang mga parametro ngopsiyon sa pagbabayad na iyon sa kundisyon na ang muling pagbabayad ng anumang natitirang umiiral na balanse ay magaganap sa loob ng 12 buwan, at higit na nilaan na maaari lang aprubahan ng Direktor ng Mga Administratibogn Serbisyo ang bahagya o buong pagbabawas ng hindi bayad na balanse kung ang pagbabawas ay mapopondihan ng mga kita sa pangkalahatang pondo na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod at inilipat sa budget ng Pondo ng Tubig na hayagang para sa layuning gawin ito.
- D. Maaaring putulin ng ang residensiyal na serbisyong tubig nang hindi bago ang 5 araw ng negosyo matapos magpaskil ng Lungsod ng panghuling abiso sa paglalayong putulin ang serbisyo sa isang prominente at mapapansing lugar sa pag-aari sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sirkumstansiya:
- (i) Nabigo ang kostumer na sumunod sa kasunduan sa amortisasyon, isang iskedyul sa alternatibong pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa plano sa pagbabayad para sa mga delinkuwenteng singil ng 60 araw o higit pa.
 - (ii) Habang nagsasagawa ng isang kasunduan sa amortisasyon, ang isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delinkuwenteng singil, hindi binabayaran ng kostumer ang kanyang kasalukuyang mga singil sa residensiyal na serbisyong tubig ng 60 araw o higit pa.

7. Pagbabalik ng Serbisyong Tubig

- A. Kapag pinutol ng Lungsod ang residensiyal na serbisyong tubig para sa hindi pagbabayad, bibigyan nito ang kostumer ng impormasyon kung paano ibalik ang residensiyal na serbisyong tubig. Para sa residensiyal na kostumer na nagpakita sa Lungsod na ang kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng linya ng pederal na kahirapan, gagawin ng Lungsod ang dalawa sa sumusunod:
- (i) Magtakda ng muling pagkabit na bayad sa serbisyo para sa muling pagkabit sa karaniwang oras ng pagpapatakbo sa halaga na hindi lalagpas sa limampung dolyares (\$50), o ang aktuwal na halaga ng muling pagkabit kung mas mababa ito. Para sa muling pagkabit ng residensiyal na serbisyong tubig sa oras na walang operasyon, magtatakda ang Lungsod ng bayad sa serbisyong muling pagkakabit na hindi kakagpas sa isang daan at limampung dolyares (\$150), o ang aktuwal na halaga ng muling pagkonekta sa oras na walang operasyon kung mas mababa ito. Ang pinakamalaking halaga na \$50 sa muling pagkonekta sa oras na may operasyon at \$150 sa oras na walang operasyon ay sasailalim sa taunang pag-aayos para sa mga pagbabago ng Consumer Price Index simula sa Enero 1, 2021. Gagamit ang Lungsod ng average ng lugar ng Los Angeles at lugar ng San Francisco para madetermina ang pagtaas sa Consumer Price Index.
 - (ii) Ipaubaya ang mga singil sa interes sa mga delinkuwenteng singil minsan sa bawat 12 buwan.
- B. Ituturing ng Lungsod ang residensiyal na kostumer na may kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan kung sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CaWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan.

8. Mga serbisyong kaugnay ang Relasyon ng Kasera-Umuupa

- A. Kung nagbigay ang Lungsod ng indibiduwal na may metrong residensiyal na serbisyong tubig sa mga residensiyal na umookupa ng nakahiwalay na isang pamilyang tirahan, maramihang unit na residensiyal na istraktura, at mobile home at ang may-ari, manager, o operator ng tirahan, istraktura, o parke ay ang kostumer sa talaan, gagawin ng ng Lungsod ang lahat ng mabuting layuning pagsusumikap na abisuhan ang mga umookupa sa tirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ay hindi bayad na ang serbisyo ay puputulin ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagwawakas. Ang nakasulat na paunawang ito ay higit na ipagbibigay-alam sa mga umookupa sa residente na may karapatan silang maging mga kostumer, kung kanino ang serbisyo ay sisingilin, nang hindi inaatasang magbayad ng anumang halaga na maaaring nakatakda sa delinkuwenteng account.
- B. Ang Lungsod ay hindi gagawing magagamit ang serbisyo ng mga residente ng tirahan maliban kung ang bawat residente ng tirahan ay sumasang-ayon sa mga termino at kundisyon ng serbisyo ng Lungsod at tinutupad ang mga iniaatas ng batas at mga ordinansa, resolusyon, panuntunan at mga regulasyon, ng Lungsod. Subalit, kung ang isa o higit pa sa mga umookupa ng tirahan ay payag at kayang umako ng responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, kabilang ang mga inaatas na maaaring kasama ang, pero hindi limitado sa, pagbabayad ng deposito ng \$180 at pagkumpleto ng aplikasyon ng Lungsod para sa serbisyo upang ang Direktor ng Serbisyong Administratibo, o designado, ay masusuri kung ang Lungsod ay nasisiyahan na matutugunan ng mga residensiyal na aplikante ang mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo, o kung may pisikal na pamamaraan na legal na magagamit ng Lungsod para piling wakasan ang serbisyo sa mga residensiyal na umookupa na hindi nakatugon sa mga inaatas ng Lungsod, gagawing magagamit ng Lungsod ang serbisyo sa mga umookupa sa tirahan na nasisiyahan ang Lungsod na matugunan ang mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo.

9. Mga Inaatas sa Pag-ulat

Taunang inuulat ng Lungsod ang dami ng pinutol na residensiyal na serbisyo para sa kawalan ng kakayahang magbayad sa website ng Lungsod at sa Lupon ng Kontrol ng Mga Dulugan ng Tubig ng Estado.

10. Mga Limitasyon ng Patakarang Ito

Walang anumang patakarang ito ang pipigil, lilimita o kung hindi ay magpapahina sa kakayahan ng Lungsod na wakasan ang serbisyo sa kostumer para sa mga dahilan maliban sa hayagang nakasaad sa patakarang ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, hindi awtorisading mga pagkilos ng kostumer.

11. Maaaring iapela ng mga kostumer ang halagang nakatakda sa anumang singil para sa serbisyong tubig sa tirahan:

- A. May karapatan ang kostumer na magsimula ng apela ng anumang bayarin o singil na nilaan ng Lungsod. Ang nasabing kahilingan ay dapat gawin nang nakasulat at ihatid sa tanggapan ng Lungsod. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyong tubig sa kostumer sa proseso ng apela.
- B. Ang pagdinig ng apela ay itatakda sa harap ng Komite ng Pag-ayon ng Singil ng Utility sa ika-3 ng Huwebes ng buwan. Ang mga pamamaraan ng Komite ng Pag-ayon ng Singil ng Utility Billing Adjustment Committee ay nakasaad sa Resolusyon ng Konseho ng Lungsod 4077 na may petsang Abril 8, 2008.